H
E
K
A
S
I
5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# PAMAHALAAN SULTANATO

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

# GRADE V

# PAMAHALAANG SULTANATO

## ALAMIN MO

Sa naunang modyul ay napag-aralan mo ang simula ng barangay at kung paano ang pamamahala sa mga pamayanan noon.

Sa modyul na ito mapag-aaralan ang tungkol sa pamamahala sa mga pamayanan sa Sulu at Maguindanao mula 1450 hanggang 1915.

Sa lahat ng gawain, intindihing mabuti ang binabasa at sumusunod sa bawat panuto. Isulat mo sa iyong kuwadernong sagutan ang mga sagot sa bawat gawain.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Sa nakaraang modyul ay napag-aralan mo ang tungkol sa pamahalaang barangay ng mga unang Pilipino. Pagbalik-aralan mo ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa ibaba.

1. Ang pinuno ng sinaunang barangay ay ang ___________.
2. Ang mga barangay noon ay binubuo ng 30 hanggang ___________ na mag-anak.
3. Ang namamahala sa mga gawaing panrelihiyon ay ang __________.
4. Ang namamahala sa paggawa ng mga kasangkapan ay ang ___________.
5. Alin sa mga sumusunod ang tungkulin ng isang pinuno? Isang kasapi?
    a. paggawa ng bahay
    b. pagbabayad ng buwis
    c. paggawa ng batas
    d. pagbibigay ng hatol
    e pag-aari
    f. pakikipagkasundo sa ibang datu

## PAG-ARALAN MO

Pagkatapos mong mapag-aralan ang tungkol sa barangay noong unang panahon, magpunta naman tayo sa Sulu at pag-aralan natin ang pamamahala roon. Masdan mo ang larawan at basahin ang teksto.



Bago dumating ang mga Muslim sa Mindanao, mayroon nang maliliit na pamayanang tinatawag na banwa sa Sulu. Ang mga banwa ay pinamumunuan ng mga datu o raha.

Noong 1450, si Abu Bakr ay naglayag mula Sumatra papunta sa Sulu. Noong lumaon pinakasalan niya si Paramisuli na anak ni Raha Baginda. Nang mamatay si Raha Baginda, si Abu Bakr ang humalili sa kanya bilang raha. Sa pamumuno niya, pinag-isa ang mga banwa at bumuo ng isang sultanato sa Sulu.

Ito ay kalipunan ng mga banwa na pinamamahalaan ng isang sultan.

Si Abu Bakr ang kauna-unahang sultan ng Sulu.

Ang sultan ang pinakamataas na pinuno ng pamahalaang sultanato. Siya ang punong tagapagpaganap, hukom, taga-pagbalangkas ng mga batas, at pinuno ng mga mandirigma.

Dahil sa lawak ng tungkuling ginagampanan ng isang sultan, siya at tinutulungan ng ruma bichara, kadi, ulama, panglima, pandita at imam.

Ang ruma bichara ay isang lupon ng tagapayo na binubuo ng raha muda o tagapagmana ng sultan, maharaja adinda o pangalawang tagapagmana ng sultan, mga datung mayayaman at makapangyarihan, sharif at iba pang taong iginagalang. Tinatalakay at pinagpapasyahan ng lupon ang mga bagay na may kinalaman sa batas, pananalapi at pangangalakal.

Ang *kadi* ay isang tao na nagpapaliwanag ng tunay na kahulugan ng Koran at tinitiyak niya na hindi labag sa aral ng Islam ang mga batas.

Ang *ulama* ay iskolar ng relihiyon at nagbibigay payo sa sultan ukol sa relihiyon.

Ang *panglima* ay mga pinunong tagapaganap ng Sultan o tagapagpatupad ng mga batas na pinagtibay na sa mga masjid o distrito. Sila ang may kapangyarihang maningil ng buwis.

Ang *pandita* ay tagapayong panrelihiyon ng panglima.

Ang *imam* ay katulong naman ng pandita sa pangangasiwa ng mga distrito.

Nagtagumpay ang sultanato ng Sulu upang pag-isahin ang iba't-ibang pangkat etniko gaya ng mga Tausug, Samal, Yakan at mga Badjao. Nasa ilalim ng pangangasiwa ng sultanato ng Sulu ang Tawi-tawi, Basilan, dulong timog ng Zamboanga, Palawan at Sabah na nasa dulong hilaga ng Malaysia. Tumagal ng limang dantaon ang sultanatong ito.

Noong 1475, dumaong sa Cotabato ang misyonaryong Sharif Kabungsuan, mula sa Johare, Malaysia. Napangasawa niya ang isang prinsesa ngCotabato. Siya ang unang sultan ng Maguindanao.

Kasabay ng pagtatag ng mga sultanato ang paglaganap ng relihiyong Islam. Ang pamahalaan ay naging sentralisado at matatag dahil sa pangangasiwa ng iisang makapangyarihang pinuno. Napagbuklod-buklod ang hiwa-hiwalay na barangay tungo sa pagkakaisa.

## PAGSANAYAN MO

A. Ilahad ang pamahalaan ng Sultanato sa pamamagitan ng pagpuno ng datos sa kahon.

Pamahalaang Sultanato

| Pinuno | Tungkulin |
|---|---|
| 1. Sultan | |
| 2. ruma bichara | |
| 3. kadi | |
| 4. ulama | |
| 5. panglima | |
| 6. pandita | |
| 7. imam | |

B. Sagutin ang bawat tanong.  Isulat sa iyong kuwadernong sagutan ang iyong sagot.

1. Paano naging raha si Abu Bakar?
2. Paano nabuo ang sultanato ng Sulu?
3. Bakit kinakailangan ng sultan ang mga katulong sa pangangasiwa ng sultanato?

## TANDAAN MO

- Ang pamahalaang sultanato ay pinamumunuan ng sultan.
- Lumaganap ang sistemang sultanato kasabay ng paglaganap ng Islam.

## ISAPUSO MO

Sa iyong palagay, mas mabisa ba ang pamamahala sa sultanato kaysa sa inyong barangay sa kasalukuyan? Bakit?



## GAWIN MO

Ihambing ang pamahalaang sultanato sa pamahalaang barangay ngayon. Punan ang tsart sa ibaba.

| Palatandaan | Sultanato | Barangay |
|---|---|---|
| 1. Tawag sa pinuno | | |
| 2. Tawag sa mga taong may katungkulan | | |
| 3. Tungkulin ng pinuno | | |
| 4. Tungkulin ng tagasunod | | |



## PAGTATAYA

Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang kuwaderno.

1. Ano ang tawag sa pamahalaang itinatag ni Abu Bakr?
   A. Sulitanya
   B. Sultaniko
   C. Sultanato
   D. Sulbatana

2. Ano ang tawag sa pinuno ng sagot mo sa bilang 1?
    A. Datu
    B. Raha
    C. Pandita
    D. Sultan

3. Alin sa mga sumusunod ang tungkulin ng Sultan?
    A. Tagapagpatupad ng mga batas na pinagtibay na.
    B. Hukom
    C. Nangangasiwa ng mga distrito
    D. Tagapayo ukol sa relihiyon


4. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kasama sa sultanato ng Sulu?
    A. Tawi-tawi at Basilan
    B. Sabah at Timog ng Zamboanga
    C. Maranao at Lanao
    D. Palawan at Sulu

5. Alin ang HINDI naglalarawan ng pamahalaang sultanato? Ang pagkakaroon ng __________.
    A. Tagapayong panrelihiyon
    B. Pantay na kapangyarihan ng lahat
    C. Bukod na tagapatupad ng batas
    D. Kaugnayan ng relihiyon sa paraan ng pamamahala

## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

1. Tunghayan ang mapa ng Pilipinas. Sa mga lalawigan na kasama sa Sultanato ng Sulu, aling lalawigan ang makikita sa pulo ng Luzon?

2. Tunghayan ang mapa ng Pilipinas na may kasamang ibang bansa sa Asya. Aling banyagang bansa ang napasama sa Sultanato ng Sulu?



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.